**ALAB NG PUSO TUNGO SA PAGKILOS**

A Lord's Flock General Assembly Topic

Rev. Fr. Vincent Van Geirt

Hunyo 22, 2024

Ang alab ay masidhing pagnanais o sigasig sa isang bagay (2Cor.6:11-13). Pinagagaan at ginagawang makabuluhan ang buhay, pinag-aalab ang ating kaluluwa, pinag-iinit ang ating pag-ibig, pinatatalas ang ating talino at itinutulak tayo sa ating limitasyon. Ang turo sa atin anuman ang ginagawa, gawin nang buong puso na parang hindi sa tao naglilingkod kundi sa Panginoon, (Col.3:23-24). Nilikha tayo ng Diyos para sa higit na kasiyahan. Kung ang nais natin ay maglingkod at mahalin Siya at ang kapwa, pagpapalain Niya tayo dahil ibinigay natin ang ating buhay sa Kanya.



1. **Umalis tayo sa ating *comfort zone.*** Ang karanasan sa sofa, komportable tayong nakaupo sa sofa, nag-eenjoy sa madaling buhay, ay naranasan din ng mga alagad sa *upper room* pagkatapos maipako si Hesus. Nalungkot sila at natakot lumabas, at naging komportable na silang nanatili sa silid. Noong ipinadala ni Hesuskristo ang Banal na Espiritu sa mga alagad, hindi na naging komportable ang sofa. Nabago ang kanilang puso at ito ang naging simula ng bago at kapana-panabik na karanasan nila sa pangangaral ng Mabuting Balita sa buong sanlibutan, (Mk. 16:15).
2. **Ngayon, pagkatapos ng 2000 na taon, buhay ang Kristiyanismo, dahil sa mga kalalakihang ito na nanindigan at nangaral ng Ebanghelyo.** Ipinaubaya nila ang kanilang mga sarili sa Banal na Espiritu. Nagpatuloy silang nangaral ng Mabuting Balita at nagpunta saan man sila dalhin ng Espiritu Santo; wala silang takot at pangamba kaninuman (Is 41:10).
3. **Buksan natin ang ating puso sa Banal na Espiritu.** Tanggapin natin Siya sa ating buhay upang makapangaral ng Mabuting Balita. Sa Kanyang gabay makararanas tayo ng kakaibang kasiyahan. Mas masaya ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap (Gawa 20:35). Nilikha tayo upang ialay sa kapwa ang ating sarili, hindi pera, kundi ang ating puso.
4. **Ang Panginoon ay nangungusap sa atin sa pamamagitan ng ating damdamin.** Ito marahil ang pamamaraan ng Banal na Espiritu upang mabago ang anumang hindi karapat-dapat na nasa puso natin (Mateo 10:19-25). Sa pagsunod sa Kanya, makararanas tayo nang ganap na tuwa at galak.
5. **Nilikha tayo para ma-*enjoy* ang magaganda at mga dakilang bagay sa buhay (Ef.6:10-20).** Mahirap at nakapapagod ang umakyat sa bundok ngunit doon natin makikita ang ganda at nakamamanghang tanawin. Ang karanasang ito ay walang katumbas na saya. Kaya, hindi natin pagsisisihan kung susubukan nating makarating sa tuktok ng bundok (Kaw.11:25).
6. **Kumilos ka, huwag kang manood.** Gumawa ng paraan na makapaglingkod, makatulong at maipadama ang pagmamahal sa kapwa (Gal. 5:13-14). Maghanap ng lugar para maibahagi ang sarili; maghanap ng taong nangangailangan ng tulong at maglingkod sa komunidad o sa parokya.
7. **Humugot ng lakas mula sa Diyos (Efe.6:10-20).** I-*recharge* natin ang ating baterya kay Hesus, ang pinanggagalingan ng lakas, buhay at pag-ibig; mula sa Kanya ang lahat. Ang labinlimang minutong pagdarasal natin ay makapagbibigay ng lakas para maipagpatuloy ang pangangaral sa Magandang Balita.

**KONKLUSYON:**

Ang pagiging taga-sunod ni Kristo ay hindi nangangahulugang magiging madali ang buhay. Ipinadadala ng Diyos ng kaligayahan at kahirapan (Ecc.7:14-29). Isuot ang baluting kaloob ng Diyos, magdasal araw-araw upang mapaglabanan ang mga taktika ng dyablo. Espiritwal na laban ang paraan ng paglaban para maipangaral natin ang Mabuting Balita sa sanlibutan.

**PAGNINILAY:**

Ano ang alab ng iyong puso? Maglahad ng 1-2 bagay na gagawin mo upang tumindi ang alab sa iyong puso para sa Diyos at manatiling naka-ugnay sa Kanya.

**SCRIBES Ministry**

Isinalin ni: Thess Sarmiento

Na-edit ni: Nida A.Cruz

https://lordsflock.org/teachings/digests

Tags: #Alab; #Mangaral